Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge

# Minami no Kaze

Vol.56
Dec. 2024

## Pagtawag sa 119 Karanasan para sa Banyagang Residente

Noong October 27 (Lingo), ang Minami Lounge at Minami Fire Station magkasamang nagsagawa ng seminar "Paano tumawag sa 119" para sa mga mag-aaral ng Japanese sa Minami ward Japanese class. 8 banyagang estudyante at 9 na volunteers galing sa Japanese class ang dumalo sa araw na yon. Ang seminar ay nakasentro paano tumawag sa 119, paano gamitin ang 119 interpreting system, paano gamitin ang fire extinguisher. Tinapos ang seminar sa pag obserba ng totoong fire engine. Sabi ng mga mag-aaral ng Japanese , ang karanasan na ito ay malaking tulong. "Isang kakaibang karanasan. Nakakatulong na impormasyon bago magsimula ang winter season." at "ang malaman na maaari akong tumawag sa sarili kong wika ay nagbibigay ng kapayapaan sa isip."komento ng mga mag-aaral.



Karanasan sa paggamit ng 119 multi-language interpreting system.



Paggamit ng Fire Extinguisher



Pag obserba ng Fire Engine

## Pagtawag ng Ambulance

① Kung kailangan mo ng ambulance, tumawag sa "119".
② Sabihin kung A) Sunog o B) Emergency.
③ Sabihin ang iyong address (Ward, Street at numero ng bahay.) , Telepono Pangalan.
④ Sagutin ang mga itatanong.
⑤ Antayin ang ambulansya.
※ Kung tatawag sa119 gamit ang mobile phone, sabihin nakatira ka sa"Yokohama City" at address.

**Paano tumawag ng ambulance** （galing FDMA）
Mga detalye nakasulat sa mga sumusunod na website.
https://www.fdma.go.jp/publication/portal/post2.html (Multi-language)




Gusto kong tumawag ng ambulance kung may taong biglang nagkasakit o nasaktan. Ano gagawin ko



Kailangan ko bang bayaran ang ambulance?



Hindi mo kailangan bayaran ang ang ambulance.



Kaming mga(foreigner) maaaring gamitin ang system?



Oo,maaaring gamitin.



Hindi ako makaintindi o makapagsalita ng Japanese…


### Year-end Information

Huwag kalimutan na ang mga hospital, ward office at maraming pasilidad ang sarado dahil sa year end holiday season.

- Minami lounge ay sarado simula Dec.29, 2024(Sun.) to Jan.3,2025(Fri.),
- Yokohama City Office, Minami Ward Office ay sarado Simula Dec.28, 2024(Sat.)–Jan.5, 2025(Sun.)
- Minami Ward garbage schedule; Walang kuha ng basura simula Dec.31,2024(Tue.)–Jan.3,2025(Fri.).
  Huwag magtapon ng iyong basura sa mga araw na ito
- Sakaling biglang magkasakit Linggo, holiday…



Minami Ward Holiday Emergency Clinic
(Internal & Pediatrics)
Dec.30(Mon.)–Jan.3(Fri.) TEL:045-711-7000





Reference：総務省消防庁
「電話通訳センターを
介した三者間同時通訳」

Ang telephone interpreting system ay tutulong sa yo.
① Ang tawag ng mga Foreign residents sa 119 ay ipapadala sa headquater, ② ilipat sa interpreting center at magsimula ang ③ ④ interpreting telephone call!

# Report sa Minami Lounge Event "Minna no "WA!" Festa











November 17, Lingo ay isang mainit maaliwalas na araw.Sa araw na ito idinaos ang Minami lounge event na "Minna no "WA!" Festa". Mahigit 1,000 katao ang bumisita sa aming event kahit kasabay pa nito ang pagdiriwang ng"Tori no Ichi" (Japanese traditional festival). Ang mga taong pumunta sa event ay sumali rin sa iba't-ibang programa, kumain ng mga pagkain ng iba't-ibang bansa, tinikman ang mga tea from the world, nagsuot ng ethnic costumes (at kimono) at nag enjoy sa mga stage performances kasama ang Japanese speech ng mga banyagang mag-aaral ng Japanese..
Marami ang nasiyahan sa event at umuwing nakangiti.









## Multicultural Volunteer ⑨

### Ms. Yang Yan



Dumating sa Japan 5 taon na ang nakakaraan galing Tianjin city, China. Sa Japan may isang putahi ang tawag ay Tenshinhan na ang kanji **"天津"** kapareho ng kanji ng Tianjin city, tinanong ko kung ang putahing ito ay popular sa Tianjin subalit, ang sagot nya ay hindi ito popular na ikinagulat namin. Nalaman nya ang tungkol sa Minami lounge's multicultural volunteer activity sa pagpapakilala ng kanyang kaibigan . Nag-umpisa agad ang kanyang volunteering activity pagkatapos magparehistro sa lounge. Nag-volunteer sya gamit ang kanyang mother tounge (Chinese) at tinutulungan nya ang mga bata makapag-adjust sa school life dito sa Japan. Sabi ni Ms.Yang ang mga bata ay cute na enjoy nya ang mga activity. Nagvolunteer din sya tumulong sa event "Minna no "Wa" Festa". Tumulong sya sa pagsusuot ng mga "ethnic costumes "sa maghapon. Natutuwa syang tignan ang mga "ethinic costumes" ng maraming bansaAt tulungan ang mga bisita. Nagagalak kaming makasama sya sa aming mga susunod na activity!


## Impormasyon sa Minami Sakura Masturi 2025 (Cherry blossom festival )

March 22 (Sabado) 14:00-19:00 and 23 (Linggo) 10:00- 15:00, Minami Sakura Matsuri 2025 ay gaganapin sa Maita park. Ang Minami lounge ay kasali. Halina pumunta sa festival at bisitahin ang aming booth! Mga detalye ay makikita sa aming website bago ang festival. Maaaring magbago ang event schedule dahil sa panahon.

### Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge (Minami Lounge)

Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu 10F, 3-46 Urafune-cho
Minami-ku, Yokohama 232-0024

①**Consultation Desk (Libri)** : Mon.-Sun. 9:00-17:00
(Sarado : Every 3rd Mondays · Dec.29 to Jan.3)
Tel. : (Japanese) 045-232-9544
(Foreign Language) 045-242-0888
※Tignan ang baba sa mga Lenguahi ② **Libring Konsultasyon**: Batas(2nd Thurs), Visa (3rd Thurs) at Education (4th Thurs)
※ 13:30-, 14:30- (Appointment kailangan. Tel.045-242-0888)




◀ Direction Map

Minami Lounge URL
https://tabunka.minamilounge.com/

【Mga Lenguahi at Araw】

| Monday | Tuesday | Wednesday | Thursday | Friday | Saturday | Sunday |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Chinese | Chinese | Chinese<br>English | Chinese<br>Thai | Chinese<br>Tagalog | Chinese | Chinese |

★ Minami Lounge is operated by YOKE on behalf of Minami Ward Office